

**Marso 19, 2026**

*Mahalagang paunawa mula sa Department of Developmental Services tungkol sa:*

# PAGPOPONDO UPANG SUPORTAHAN ANG PAGESUNOD SA PATAKARAN SA MGA PASILIDAD NG HCBS

G-2026-Mga Serbisyong Nakabase sa Tahanan at Komunidad-001

## **Ano ang Dapat Malaman**

Ipinapaliwanag ng liham na ito kung paano dapat gamitin ng mga regional center ang mga pondo para sa mga Serbisyong Nakabase sa Tahanan at Komunidad. Ang Kagawaran ay nakatanggap ng pagpopondo ng HCBS bawat taon simula pa noong 2016-2017. Ang mga pondong ito ay tumutulong sa mga programa na sumunod sa pederal na Patakaran sa mga Pasilidad ng HCBS. Ipinapaliwanag din ng liham na ito kung paano dapat iulat ng mga regional center ang kanilang mga plano para sa paggamit ng pagpopondong ito sa Kagawaran.

## **Ano ang Magbabago**

Hindi binabago ng patnubay na ito kung paano tumatanggap ng mga serbisyo ang mga indibidwal at pamilya. Kasama sa taon ng badyet 2025-2026 ang \$15 milyon sa pagpopondo upang matulungan ang mga provider na sumunod sa Patakaran sa mga Pasilidad ng HCBS. Sinusuportahan din ng pagpopondong ito ang mga pagsisikap ng komunidad na tumutulong sa pagtataguyod at pagpapanatili ng mga de-kalidad na serbisyo. Dapat isumite ng mga regional center ang kanilang plano para sa paggamit ng mga pondong ito sa Kagawaran para sa pagsusuri at pag-apruba nang hindi lalampas sa Biyernes, Abril 24, 2026.

## **May mga Katanungan?**

Ang mga indibidwal o pamilya na may mga katanungan tungkol sa patnubay na ito ay dapat magtanong sa kanilang service coordinator. Ang mga regional center na may mga katanungan ay dapat makipag-ugnayan sa [hcbsregs@dds.ca.gov](mailto:hcbsregs@dds.ca.gov).

## **Alamin Pa**

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Patakaran sa mga Pasilidad ng HCBS at mga nakaraang pagpopondo upang suportahan ang pagsunod, [bisitahin ang webpage ng DDS](http://www.dds.ca.gov/initiatives/cms-hcbs-regulations/hcbs-compliance-funding). (<http://www.dds.ca.gov/initiatives/cms-hcbs-regulations/hcbs-compliance-funding>).